

Ukol sa Status of Residence [Zairyu Shikaku] ng mga Taong Nawalan ng Trabaho, mga Taong Hindi Nakakapasok sa Pinagtatrabahuhang Kumpanya Dahil sa COVID-19

① Ang mga may Status of Residence para makapagtrabaho na gaya nang mga taong nabanggit sa baba ay maaaring manatili sa Japan sa kasalukuyang status.

- (1) Mga taong gustong maghanap ng panibagong trabaho dahil pinatigil sa dating pinagtatrabahuhang kumpanya.
- (2) Mga taong sinabihan ng pinagtatrabahuhang kumpanya na manatili sa bahay, at gustong bumalik sa dating trabaho.
- (3) Mga taong gustong ipagpatuloy ang kasalukuyang trabaho kahit na pinaiksi ng kumpanya ang oras ng trabaho.
- (4) Mga taong halos parehas nang mga nasa mula (1) at (3)

Engage in Activity Other Than That Authorized Activity [Shikakugai Katsudo] <Magtatrabaho ng iba sa kasalukuyang hawak na Status of Residence> ay maaaring mag-apply.

Dahil sa kalagayan ng pinagtatrabahuhang kumpanya, magpakita ng papel na nakasaad ang alinman sa (1) ~ (4).

Ang “Engage in Activity Other Than That Authorized Activity” ay magagamit sa loob ng 6 na buwan. (Kung ang haba ng pananatili ay nagtapos bago ang mga pangyayari, hanggang sa araw na lang na iyon.)

② Kapag patapos na ang haba ng pananatili nang mga taong nasa ① sa taas ay maaaring makakuha ng panibagong Status of Residence na “Designated Activities” [Tokutei Katsudo].

Dahil sa kalagayan ng pinagtatrabahuhang kumpanya, magpakita ng papel na nakasaad ang gaya ng (1) ~ (4) sa taas.

Maaaring i-apply ang “Engage in Activity Other Than That Authorized Activity.”

Ang “Engage in Activity Other Than That Authorized Activity” ay magagamit sa loob ng 6 na buwan. (Kung ang haba ng pananatili ay nagtapos bago ang mga pangyayari, hanggang sa araw na lang na iyon.)

Ang mga taong dahil sa COVID-19 ay hindi nakapagtrabaho, ang haba ng pananatili ay maaaring ipabago (6 na buwan)

(Tandaan) Ang mga taong gaya nang nasa baba, ay maaaring ipa-renew na lang ang haba ng pananatili ng kasalukuyang hawak na “Status of Residence” (1 taon).

- Mga taong ang haba ng pananatili ay may natitira pang walang 1 buwan na haba ng paghihintay <Habang nasa bahay>.
- Mas maraming oras ang ginugol sa trabaho kesa sa sinabing oras na pumirmi ng bahay.

③ Mga Dapat Na Pag-iingat

- (1) Ang mga may “Designated Activities” na “Status of Residence” para pangkaraniwang makapagtrabaho, agad na mag-apply ng panibagong “Status of Residence.”
- (2) Ang mga taong mag-aaply ng “Engage in Activity Other Than That Authorized Activity” ay kinakailangan humingi sa pinagtatrabahuhang kumpanya ng pahintulot. Kailangang ipaalam sa pinagtatrabahuhang kumpanya ang pag-aapply. (Isumite ang pahintulot sa panahon ng aplikasyon.)
- (3) Ang mga Technical Trainees ay hindi maaaring gawin ang mga nasa taas.

Ukol sa Aplikasyon ng Pananatili, Maaaring Komunsulta sa Iba’t-ibang Wika:

<http://www.immi-moj.go.jp/info/index.html> (Homepage ng Immigration Services Agency of Japan)

Pinagmulan • Sanggunian:

新型コロナウイルス感染症の感染拡大の影響による雇用状況の悪化のため解雇、雇い止め、自宅待機等となった方について(出入国在留管理庁 2020年6月1日)

<http://www.moj.go.jp/content/001320730.pdf>

原稿作成・翻訳：NPO 法人 多言語センターFACIL

<https://tcc117.jp/facil/>